| GRADE 1 to 12 DAILY LESSON PLAN | San Carlos Elem. School | | Grade Level | THREE |
|---|---|---|---|---|
| | **TEACHER** | | **Quarter** | |
| | **SUBJECT** | **FILIPINO** | **DATE** | |

| **LAYUNIN (OBJECTIVE)** | |
|---|---|
| **A.PAMANTAYANG PANGNILALAMAN** (CONTENT STANDARDS) | Naipamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag unawa sa napakingan. |
| **B.PAMANTAYAN SA PAGGANAP** (PERFORMANCE STANDARDS) | Naisasakilos ang napakinggang kuwento o usapan. |
| **C.MGA KASANAYAN SA PAGKATUTO** (LEARNING COMPETENCIES) | Naibibigay ang sariling wakas ng isang kuwentong napaking F4PN- 8.2 |
| **II. NILALAMAN** (CONTENT) | KARAPATAN KO<br>Pagbibigay ng sariling wakas sa isang kuwentonh napakingan<br>Kuwento: " Ang Hardinerong Tipaklong"<br><br>Integrasyon: kooperasyon, pagtutulungan, Kasipagan.<br>Mga Estranghiya: Panlahatang Gawain, Pag-iisip o Direct Reading- Thinking Activity (DRTA) |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** (LEARNING RESOURCES) | |
| **A. SANGGUNIAN** (References) | Patnubay ng Guro sa Filipino 3 Pahina 56-57 |
| **1.Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | Mga Pahina 56-57 |
| **2.Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral** | pahina 31-32 |
| **3.Mga Pahina sa textbook** | |
| **4.Karagdagang kagamitan mula sa postal ng Learning Resources** | |
| **B. IBA PANG KAGAMITANG PANTURO** | plaskard ng bagong salita, larawan, tsart, Frayer model manila paper, pentel pen, powerpoint |
| | |
| **A. BALIK-ARAL SA NAKARAANG ARALIN AT/O PAGSISIMULA NG BAGONG ARALIN.** (Reviewing previous lesson/ presenting the new lesson) | A. BALIK-ARAL O PANIMULA<br>1. Ipaawit ang "Magtanim ay Di Biro".<br>2. Sabihin, " Tungkol saan ang ating Inawit? Naranasan nyo na bang magtanim?<br>3. Pagpapaunlad ng bokabularyo (option 1) Sabihin " May mga salita kayong mababasa sa kuwento na marahil ay di pa ninyo gaano maiintindihan ang kahulugan. Atin itong linawin bago basahin ang kuwento.<br>A. Kunot nuo<br>B. Naglulupasay<br>C. Higad<br>(Option 2 magpapakita ng larawan ng bawat salita upang lalong maunawaan ng mga bata salita) |
| **B. PAGHAHABI NG LAYUNIN NG ARALIN.** (Establishing a purpose for the lesson) | PANGGANYAK Itanong : Sino sa inyo nakaranas na ng pagtatanim? Sumakit ba ang inyong katawan sa pagtatanim? Natakot ba kayo sa pagbungkal ng lupa at may makita kayong bulate o uod?<br><br>1. Paglalahad ng Aralin<br>Pagbasa ng guro sa kuwento |

| | |
|---|---|
| | 1. Pagbibigay ng Pamantayan<br>2. Pagbasa sa kuwento " Ang Hardinerong Tipaklong" |
| **C. PAG-UUGNAY NG MGA HALIMBAWA SA BAGONG ARALIN.**<br>(Presenting examples/instances of the new lesson) | |
| **D. PAGTALAKAY NG BAGONG KONSEPTO AT PAGLALAHAD NG BAGONG KASANAYAN #1**<br>(Discussing new concept and practicing new skills #1) | A. Ano pamagat ng kuwento?<br>B. Sinu-sino ang mga tauhan sa kuwento?<br>C. Kailan nangyari ang kuwento?<br>D. Anu- anong mahalagang nangyari sa kuwento?<br>E. Paano nagsimula ang kuwento?<br>F. Paano nagtapos ang kuwento? Kung ikaw may akda, anong wakas ibibigay mo? |
| **E. PAGTALAKAY NG BAGONG KONSEPTO AT PAGALALAHAD NG BAGONG KASANAYAN #2**<br>(Discussing new concept and practicing new skills #2) (EXPLORE) | |
| **F. PAGLINANG SA KABIHASAAN (Tungo sa formative assessment)**<br>Developing mastery (Leads to formative assessment) | Panuto: Ibigay ang maaaring maging wakas ng sumusunod na sitwasyon.<br>1. Naglalaro si Sommer Skye sa bakuran ng paaralan nang mawala ang kaniyang baong pera.<br>2. May camping ang mga batang Iskaut sa Lungkod ng Mabalacat. Isa si Sebastian Marco sa mga nagsidalo mula kanilang paaralan.<br>3. Sa hapon matapos ang klase ni Arielle Dane ay umuwi nang maaga at tumulong siya sa mga gawaing bahay. |
| **G. PAGLALAPAT NG ARALIN SA PANG-ARAW-ARAW NA BUHAY**<br>(Finding practical/application of concepts and skills in daily living) | (Gawaing Pangrupo ng may 5-10 minuto)<br>Pagbibigay pamantayan sa Gawaing Panggrupo<br><br>A. Gumawa ng tahimik<br>B. Gumawa ng may kooperasyon<br>C. Pakinggan ang mga ideya ng bawat miyembro<br>D. Piliin ang pinakamalapit na sagot/ideya<br><br>PANUTO: Basahin ang maikling kuwento. Ibigay ang angkop na wakas . Pagbibigay ng puntos na gamit ang Rublics sa ibaba.<br><br>**Ang Sigaw ni Aya**<br><br>Nagtanim ng mga halamang namumulaklak ang magkapatid na Aya at Aiden sa kanilang bakuran. Walang anu-ano, biglang napasigaw nang malakas si Aya. Napadungaw tuloy ang kanilang nanay. Pati ang mga nagdaraan ay napatigil at napatingin,<br>."Bakit? Tanong ng nanay niya, Ano ang nangyari?<br>"Wala po Inay", sagot ni Aya, "Natakot lamang po ako".<br>Pinagmasdan ni Aiden kung ano ang kinakatakutan ni Aya.<br>"hahahaha"… tawa ni Aiden ."Parang iyan lamang , natakot ka na? |

| | Rubric sa Pagsulat ng Angkop na Wakas ng Kuwento |
|---|---|

| Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Mahusay-husay (2) | Kailangan pang Magsanay (1) |
|---|---|---|---|
| May kaisahan at malinaw ang mga pangungusap | May kaisahan at malinaw ang karamihan ng mga pangungusap | May kaisahan ang ilang pangungusap | Walang kaisahan ang mga pangungusap |
| Magkaugnay at malinaw ang wakas na sinulat | Magkaugnay ngunit may ilang mga pangyayari na hindi angkop sa wakas | Hindi gaanong malinaw ang pagkakaugnay ng isinulat na wakas sa kuwento | Hindi magkaugnay at hindi malinaw ang wakas na isinulat sa kuwento |
| Angkop na angkop ang mga pananalitang ginamit | Angkop ang karamihan sa mga pananalitang ginamit | Di-gaanong angkop ang mga pananalitang ginamit | Hindi angkop ang mga pananalitang ginamit |
| Lubhang malinis at maayos ang pagkakasulat ng wakas ng kuwento | Malinis at maayos ang pagkakasulat ng wakas kuwento | Di-gaanong malinis at maayos ang pagkakasulat ng wakas ng kuwento | Kulang sa linis at at ayos ang pagkakasulat ng wakas ng kuwento |

| | |
|---|---|
| **PAGLALAHAT NG ARALIN**<br>(Making generalizations and abstractions about the lesson) (ELABORATE) | Anu-Ano ang dapat isaalang-alang sa pagbibigay ng wakas sa kuwentong pantapos? |
| **H. PAGTATAYA NG ARALIN**<br>(Evaluating Learning) (EVALUATION) | **Panuto:** Isulat ang titik nang may angkop na wakas ng mga sumusunod na sitwasyon.<br>_______1. Nanonood ng T.V. si Carlie hanggang ikasampu ng gabi. Hindi na siya nakapag-aral ng liksiyon. May pagsusulit pa naman sila kinabukasan. Ano ang nangyari?<br>A. Nasagot niya ang mga tanong sa pagsusulit.<br>B. Hindi nakasagot sa mga tanong.<br>C. Mataas ang nakuhang marka.<br>_______2. Tamad maligo at maghilamos si Julia, kaya siya ay<br>A. Iniiwasan ng mga kaklase.<br>B. Nilalapitan ng mga kaklase.<br>C. Paborito ng mga kaklase.<br>_______3. Hindi binabalot ng plastic ang aklat ni Marcus, kaya ito ay<br>A. Mukhang luma na<br>B. Mukhang bago pa<br>**C.** Hindi pa sira<br>_______4. Mahilog mag drowing kung anu-ano si Armela. Lagi siyang nagdrodrowing nyang papel kaya<br>A. Natitipid niya ang kanyang papel<br>B. Lagi siyang walang papel<br>C. Mabilis maubos ang kanyang papel<br>_______5. Masipag mag-aral si Rolando. Lagi siyang<br>A. Nahuhuli sa klase<br>B. Nagunguna sa klase<br>C. Hindi nakakasagot sa klase |

| | |
|---|---|
| **I. KARAGDAGANG GAWAIN PARA SA TAKDANG ARALIN AT REMEDIATION.** (Additional activities for application or remediation) (EXTEND) | Sumulat ng limang sitwasyon tungkol sa mga kaklase at pamilya. Maghanda sa pagbibigay ng angkop na wakas sa susunod na araw. |
| **V. REMARKS** | |

Prepared by:

TEACHER I

Checked by:

Master Teacher - I

Noted by:

PRINCIPAL II